

# 1

“Ang very good mo naman, Tommy, hindi ka nag-cry, ah.” Napangiti si Carnation Adoracion o ‘Carrie’ para sa mga malalapit na kakilala. Sinipat niya ang ulo ng may walong-taong gulang na batang pasyente.

Sinabihan niya ang bata na ibukas na ang nakakuyom na palad at nang matanggal na niya ang tourniquet ay agaran niyang nilagyan ng cotton at plaster ang parteng kanina ay tinurukan. Inilagay na niya sa collection tube ang lamang dugo ng hawak na syringe at minarkahan ang labas niyon ng marking pen.

“I don’t wanna cry ’cause Mom said Tommy is a big boy.” May inabot ang bata sa gilid ng kama nito na natatabunan ng isang unan. “Look! I drew this kanina, I’m this boy!” Malaki ang ngiti nito habang kumpiyansang itinuro ang drawing sa coupon bond.

“Oh, you drew it?” Sa murang gulang, makikitaang may talento ito sa pagguhit. Hindi simpleng stick figure ang nasa papel, makulay iyon at korteng tao talaga.

“Wow, ang galing mo naman! Can I have that

one?” masuyong tanong niya.

Nag-isip ito nang ilang segundo, sa huli ay umiling.

“I’m sorry, Miss, I promised Nurse Nick na ibibigay ko sa kanya ’to. Alam mo ba, binigyan niya ako ng bagong crayons kanina, mabait siya.”

Napa-‘ah’ na lang siya at eksaheradang tumawa, sabay ng pagbukas ng pinto ng silid ni Tommy. Si Nick ang dumating.

*Gosh, thank You, Lord! Akalain mo, pareho kami ng duty, nakatadhana talaga kami!*

“Hello,” bungad-bati ni Nick, na sa biglang tingin ay mapagkakamalang si college hottie Jim Sturgess sa pelikula nitong *One Day* kasama si Anne Hathaway. Ganoon ito kaguwapo. “Oohlala... nakunan mo na siya?” tanong nito. Nilapitan nito ang kama, inilapag ang tray na may iilang tabletas at magiliw na nakipag-high five kay Tommy.

Parang naestatwa at na-mesmerize sa nakita si Carrie, nabalik lang siya sa realidad nang pukulan muli ng tingin ni Nick.

“May binili lang ang mommy ni Tommy, oo, papaalis na nga ako, kunin mo na lang ang results

after, kung hindi busy, ako na lang maghahatid, malapit lang naman ang department natin,” walang preno niyang litanya.

*Eeek! Carnation, you're so obvious na, ha! saway niya sa sarili.*

“Ha? Uy, 'wag na, ako na, mag-aabala ka pa. You're Carrie, right? Makakalimutin kasi ako, 'sensya na. Bago ka kasi...” anito, napakamot sa ulo.

“Ah, oo, Carrie, you're right.” Pinilit niya na huwag pumiyok at magmukhang excited dahil naalala nito ang pangalan niya.

“Una na 'ko, ha, Tommy, 'bye!” Kinuha niya ang tray na dala at paatras na kumaway. Atras lang siya nang atras, nakatunghay sa mukha ni Nick, hindi niya namalayang nabunggo na ng likod niya ang pinto.

Isang ngiti ang nakintal sa labi ng na-amuse na si Nick. Aligaga siyang napayuko at mabilisang hinagilap ang doorknob.

*Jeez, how embarrassing!*

Napabuga siya ng hangin nang makalabas na ng pintuan, napasandig sa dingding sa labas.

*Tama nga ako, tama ang pag-a-apply ko dito sa hospital na ito!*

Nakalutang sa hangin na binagtas niya ang kahabaan ng pasilyo ng Pediatrics Department pabalik sa Laboratory Section.

---

“Carrie, break ka muna. Kanina kapa nagte-test ng samples, ah. Lagpas alas seis na, nag-break na kami ni Ate Mimi kanina, ikaw naman ang mag-dinner,” ani Pinky, kasamahan niya.

Mag-iisang taon na siya sa *St. Patrick’s Medical Hospital*, anim na taon na mula nang magtapos siya sa kursong Medical Technology. Pagka-exam, isang taon muna siyang nagliwaliw at namahinga. Nagbebenta ng kung anu-anong health supplements ang ama niya, at kapareho niyang med tech ang ina sa ibang institusyon. Kabilang sila sa middle class, ngunit dahil masinop ang mga magulang, nagawa siyang itaguyod sa isang pamosong unibersidad.

Matapos magliwaliw, pinraktis niya ang kurso sa isang maliit na private hospital, at nang mabalitaang naghahanap nga ng med tech ang isang mas malaking pribadong hospital sa bayan, hindi na siya nag-atubiling mag-apply.

“Te Pinks, sige lang, tatapusin ko lang ’tong isa. Saka nagdala ako ng cup noodles. Okay na ba ’yung

heater natin?”

“Nge! Sira pa rin. Noodles ka nang noodles, kakanserin ka niyan, sige ka. Bata ka pa. Kung gusto mo, sa canteen ka na. May tinola at adobong atay d’un, masarap ang pagkakaluto nila.”

“Sige, titingnan ko. ’Te Pinks, kilala mo si Nick, di ba? Nick d’un sa pedia?” aniya at pa-demure na ngumiti.

Napabungisngis ito. “Curious? Parang crush mo lang, ’no?”

“Ay, naku! Hindi crush ito, ’Te Pinks, pagnanasa ito, pagnanasa since day zero!” nakangiting amin niya; tumayo na rin at itinapon ang gloves sa designated plastic bin.

Natawa lang ang babae. “Hoy, Carnation, Darling, binabalaan kita, marami kang kaagaw d’un. Bawat department dito may representative sa fan club n’un. Hmm...” Sinuyod siya nito ng tingin, mala-head to feet. “May laban ka, Hija, mahilig ’yun sa morena. Flirt ka muna, ha, ’wag madaliin.”

Napabulalas na rin siya ng tawa. “Grabe! Hindi naman ako umaasa, ’no? Guwapo n’un! Balita ko pa pinopormahan niya si Doc Sabel, ’yung supervising resident doctor.” Napangiwi siya.

“Talaga?” Napataas ng kilay si Pinky, napakibit-balikat. “Naka-chika ko ’yung taga-General Ward, may bagong intern na chika daw ay jowa ni Doki, chika pa lang ’yun. Anyway, bongga ’yun. O, di ba, may more chances of winning ka?”

Kinuha na niya ang cup noodles sa sling bag niya at pakendeng na lumabas ng laboratory pagkakaway ng paalam sa kasama.

---

Matapos manghingi ng tubig-init para sa cup noodles niya, napa-order siya ng siopao, itlog, hiwa ng cheesecake, isang saging at *Sprite*.

O, di ba, may pa-diet-diet pa kuno siya?

“Manang, wala ba talaga kayong panukli sa one thousand? Over naman, wala talaga akong maliit, eh,” problemado niyang tugon sa cashier na ayaw tanggapin ang pera niya. Kumakalam na talaga ang sikmura niya.

“May tig-two hundred ako, akin na para mabilis tayo,” a full ice-cold voice hovered over her ears.

Napalingon siya sa di namalayang lalaki na nakasunod pala sa linya niya. Ipinihit niya ang katawan at iniabot ang pera sa nakalahad na kamay

nito. Before she could take a glance at his face, natambad sa paningin niya ang *Superman* logo sa shirt nito na nahapit sa malapad nitong dibdib. Natabunan ang kabuuan niyon ng white medical gown. Doctor ito? Intern?

Nang itaas niya ang tingin, doon nadiskubre ni Carrie na hanggang balik lang siya ng lalaki, at nang tuluyang matunghayan ang mukha nito, isa lang ang naisip niya.

*Oh, no!*

Sandaling naestatwa rin ang kaharap niya, na-witness niya kung paanong ang perfect smile na igagawad sana nito sa kanya ay natabingi muna bago maglaho, then his eyes behind his glasses gleamed with disbelief.

*Parang nangyari na 'to, ah... parang reenactment lang? isip niya.*

“DNA? I mean, Helix?” aniya nang makabawi.

Bagaman parang napasos ay ismarte pa ring nakapag-react at hinablot ng lalaki ang naka-freeze niyang pera sa hangin. Limang tig-two hundred bills ang inilabas nito mula sa wallet. Kinuha nito ang kamay niya at inilatag doon ang pera.

“So we meet again, Crayon.” Ice-cold pa rin ang boses nito. “Hinihintay na ni Manang ang bayad mo, magbayad ka na bago pa iba ang makain ko sa sobrang gutom,” dugtong nito nang mapansing nakabuka pa rin ang bibig niya.

Nang lubayan na niya ang linya, napaupo siya sa gilid ng canteen kung saan may maliit na table. Palihim niyang minatyagan ng tingin ang lalaki na naupo malayo sa dulo ng kinauupuan niya. Mag-isa rin itong kumain.

Mabilis niyang nginatngat ang siopao niya, sa lakas ng paghigop niya sa straw ng *Sprite*, parang pati hangin nainom na niya. Gusto na niyang umalis sa canteen na iyon. Ngayon, nakabandera ang isang malaking danger zone sa kanya. Humihigop pa siya ng sabaw ng beef flavored cup noodles niya nang muntik na niyang maibuga iyon sa lumitaw na kaharap.

*P’ano ito nakarating sa harap ko? Kumakain pa ito kanina, ah!*

“Carnation, I mean Crayon, I mean Miss Adoracion, it’s good to finally see you. Again,” bungad nito. Tumikhim ito at inilahad ang palad sa kanya, asking for a handshake over her messy table.



*Bridge To Your Heart - Autumn Castillo*

---

Napalulon siya. Hindi alam kung aabutin ang kamay nito. Baka patibong iyon at sumabog siya kapag kinamayan na niya ito. Baka may time bomb sa ilalim ng upuan niya. Naku, grabe naman itong imahinasyon niya.

Finally, inabot niya ang kamay nito. An uneasy warm feeling crept over her, tulad din noon.

“Helix Saavedra,” she breathed. *What happened to you?*

“Guess my stay here would be interesting because of you. No, I don’t really know what to say, siguro ganito na lang, looking at you after all those years reminds me of my epic failure,” he aired at ang ngiti nito ay napalitan ng tila tinitimping emosyon. “Crayon, I have to tell you, you have to pay, you have to pay for the damage you’ve done to me!” he announced grimly, habang nakahalukipkip ang dalawang braso sa dibdib.

*You’re just bitter, Helix, wala akong kasalanan!*

*Weh? Wala nga ba?*

*Ah, basta! Wala! Past is past, over is over, and dead is dead. Wala akong pakialam kong may epic failure ka! Si Colette ang may kasalanan.*

Ows?

“P-pay? Tama ba ang narinig ko? Ako, may utang?” ismid niya.

“Don’t act like you’re innocent. Gusto mo bang ipaalala ko sa ’yo?” tudyo nito.

“Huwag na, baka ikaw ang mag-seizure kung ire-reminisce mo,” pahayag niya.

Huli na para bawiin iyon. The man in front her paled, para itong natapunan ng mainit na kape.

“You’re gonna say sorry. The hard way,” ganti nito.

*Oh my, Momay! Nanay ko! Ang guwapo naman ni Helix habang binibigkas ’yun!*

## 2

Six years ago...

“Ano ’to?” tanong ni Carrie sa kaharap na si Colette. Kasalukuyan silang nasa pavilion ng unibersidad, parehong ala una pa ang magkahiwalay na klase. Hawak niya ang isang maliit na papel na kulay blue.

“Ano ka ba? Oil control film ’yan. Bobita ka talaga, tingnan mo ’yang noo mo...” Itinuro nito iyon. “Eww! May tatlong magkakadikit na pimple!” nandidiring sabi nito. “Ipahid mo ’yan, hihigupin niyan ang mantika mo.”

Si Colette ang natatangi niyang makulit na best friend sa buong mundo since elementary, at kung bibilangin ang pagtawag nito sa pangalan niya versus pagtawag sa kanya ng bobita, mas mangingibabaw ang bilang ng ‘bobita’. Wala itong paki na kasali siya sa Dean’s List. Hindi rin niya alam kung totoong best friend nga ang tingin sa kanya nito. Kung tutuusin, para siya nitong alalay, katiwala, personal assistant, bodyguard at kung anu-ano pa.

Mayaman si Colette, ang ama nito ay may

malaking hardware store sa siyudad at ang mommy nito ay may hindi kalakihan ngunit kilalang restaurant. Para itong isang babasaging manyika, napakaputi at napakakinis.

Sabi nga ng iba, opposite poles sila.

“Carnation, may hihilingin sana ako sa ’yo.”

*’Ayun na, tinawag na ako sa buong pangalan ko. May hihilingin na naman ito.*

“Ano ’yon?” himig niya habang sinimulang buklat-buklatin ang libro niya sa isang major.

Baka pagawin na naman siya nito ng project nila, o di kaya ay assignment. Tanya niya, nakaabot lamang ito ng fourth year sa kursong Business Administration dahil bagsak-bagsak man ang exams nito ay lagi itong perfect sa assignments at projects.

“Kasi,” napakamot ito sa batok, “di ba taga-College of Science ka?”

“Ako?” tanong niya. “Hindi, Arts ako, Arts,” pang-aasar niya. “Bakit mo ba tinatanong ang obvious, ha?”

Napangiwi ito, inginuso ang pulang-pula nitong labi. Tinitigan nito ang bag niyang *Lacoste* na binigay nito noong kaarawan niya. Masuwerte rin siya kahit paano dahil kasama siyang nabubudburan sa mga

luho ni Colette—tuwing kumakain sila sa labas, normal na rito ang manlibre. Ultimo pamasaha niya libre rin nito, at lahat ng gamit niyang designer items ay galing dito.

“Kasi, may bagong boylet na interesante, taga BS Bio daw ’yun sabi ni Chari. Nagkita kami sa bar kagabi, my gosh! Apat na taon na ako sa eskwelahang ito, bakit hindi ko alam na may nag-e-exist palang katulad niya?”

“So, ’yun ang problema mo?” walang paking tanong niya.

“Hindi!” sarkastikong balik nito. “Ano ka ba, Bobita, ’yun nga! Nagkasalubong kami sa bar, and guess what? Ni hindi niya pinansin ang beauty ko. Ni hindi lumingon, dedma, isinayaw ako at iniwan sa kalagitnaan ng music!”

“So what? Eh, di huwag mo ring pansinin, ’no!”

“Anong so what, Carrie?” Pinandilatan siya nito. “Can’t you see? I have fallen in love with that guy, hindi na ako makatulog simula nang makita ko siya. I want you to help me, Carrie. Find out who that guy is, ga-graduate na tayo at ayaw kung umalis dito sa school na hindi niya alam na may gusto ako sa kanya!”

*Hindi na makatulog? 'Tapos, kagabi lang nakita? Overrrr!*

Napa-clear siya ng lalamunan. “Colette, nababaliw ka, period,” aniya.

“Carrie!” Napatayo ito, seryosong-seryoso ang tingin. “Alam kong playgirl ang tingin mo sa 'kin, but this one is different. Alam mo ba 'yung love at first sight? Hindi, di ba? Bobita ka kasi, but I'm feeling it right now, and you need to help me!” madamdamin nitong pakiusap.

Gusto niyang ingudngod ito sa lupa ngunit pinigil niya ang sarili. “So, p'ano? How can I help? BS Bio siya? Huwag mong kalimutang Med Tech ang kurso ko, iba pa rin ang department namin, at hindi ako updated sa mga boylets ng eskwelahan natin, kung meron man.”

Napangiti ito, matamis na matamis.

---

“Ah, basta! Sciences pa rin kayo, mas magkadikit kayo, Bobita. May isang misyon ka lang, hanapin mo ang lalaking 'yun, alamin mo kung may kaunting crush man lang sa akin. Kung meron, ibigay mo ito before graduation.”

May kinuha si Colette sa bag nito. Isang baby blue envelope na may teddy bear designs sa labas.

“Ito ay isang love letter,” anunsyo nito, puno ng emosyon, para itong isang imbentor na may ini-launch na imbensyon sa mundo.

“Love letter? Sumulat ka ng love letter?” nganga niya. “Huwag mong sabihing sinulat mo rin ang pangalan mo diyan?”

“Oo, bakit? Maganda ang pangalan ko—Colette Fuentabella, sosyal, hindi tulad sa ’yo, Carnation nga, Adoracion naman ang apelyido. Ano ba ’yan, balik tayo sa usapan. Ito nga ang love letter na dapat mong iabot sa kanya.”

“Colette, I can’t believe it. You are corny!” Napailing siya sa best friend na mukhang nasapian. “And to think na fourth year college mo gagawin ang palihim na pagbibigay ng love letter.”

“Corny?” Pinandilatan uli siya nito. “Carrie, huwag ka ngang killjoy, mas mabuti pa, simulan mo na ang paghahanap sa lalaking ’yun.” May sumilay na ngiti sa mga labi nito. “Anyway, may regalong trip to Hongkong daw si Daddy sa akin sa graduation. To think na nakapunta na ’ko d’un noong highs school. It’s ridiculous! Baka ibigay ko na lang sa ’yo ’yun,”

sulsol nito.

“O, sige na! Sige na. Sinusuhulan pa ako nito, eh,” saad niya, na naintindihan ang pakahulugan nito. Kung tutuusin, hindi naman siya ang mapapahiya sa ipagagawa nito. Ito ang mapapahiya kung saka-sakali, kaya kiyeme niya?

“O, ano na? Kung ipapahanap mo ’yang kinababaliwan mo, dapat may clue ako, nang maiitsa ko na ’yang letter mo sa kanya,” aniya.

“Sabi ko na nga ba susuhulan lang kita, eh.” Natawa ito. Alam na alam nito ang kahinaan niya. “Well, sinabi sa ’kin ni Chari, Saavedra daw ang apelyido. Hindi ko na matandaan ang pangalan, pero pamilyar, eh. Basta guwapo, matangkad, hindi kaputian, moreno ’yun; may pagkasingkit ’yung mga mata, ’tapos ano, may nunal malapit sa mata. ’Yun ang natatandaan ko.”

“Okay, whatever,” tugon niya. “Susuyurin ko ang lahat ng BS Bio para sa iyo.”

Nagtititili siyang yinakap nito. “I love you, Best!” anito. “Hindi talaga ako nagkamaling iligtas ka noong grade one tayo.”

Isa pang sakit ni Colette tuwing may hihingin ito, ay hindi nito nakakalimutang ipamukha sa kanya ang



kagitingang ginawa nito para maisalba siya noong grade one sila.

Iyon ay ang iligtas siya mula sa kagimbal-gimbal na pagkakakulong sa room nila. Nang maalalang naiwan niya ang water jug niya isang uwian, patakbo niyang binalikan iyon sa classroom nila. Nakita niya ang jug na nasa ilalim pala ng mesa ng teacher nila. May maitim na budhi na naman siguro ang nagtago niyon. Yumuko siya at isinuksok ang maliit niyang katawan sa ilalim ng mesa para abutin ang jug. Pagtayo niya, narinig niya ang pag-lock ng pinto. Nakita niya sa bintana ang papaalis nang school guard.

Tili siya nang tili, ngunit walang nakarinig sa kanya. Mas nadagdagan ang takot niya nang unti-unti nang pumasok ang dilim sa silid. Hindi na niya namalayan ang oras at sa kaiiyak ay nakatulog na siya.

Napukaw siya ng mabining pagyugyog ng isang bata sa kanya. Nang ibuka niya ang mga mata niya, ang maldita niyang kaklaseng si Colette ang nabanaag niya. Nasa likod nito ang guro nila.

Nakapagtawag ng santo't santa ang guro niya; sinabi nito na buti na lang daw at nakita siya ni Colette dahil may binalikan din ito sa labas ng room.

Nahulog umano ang I.D nito. At dahil naghihintay rin ng sundo na delayed ng isang oras, isinumbong na rin ni Colette ang kaganapan sa guro nilang nasa faculty pa.

Iyon na nga ang dahilan kaya naging best friends sila ni Colette. Indebted na yata siya rito habang buhay, dahil na-bore ito kahihintay ng sundo at nagsumbong sa teacher nila. Ano kaya ang nangyari kung hindi na-delay ang sundo nito? Tiyak niya, hindi sila naging mag-best friends.

---

Habang naglalakad at sinisipsip ang fruit shake na dala, kamuntik nang masamid si Carrie nang maalala ang clues na ibinigay ng kaibigan.

Saavedra? Oh my, my. Kilala niya 'yun! Tanga talaga si Colette, hindi ito tumitingin sa general bulletin board para sa announcements at updates. Ang tinutukoy ba nito ay si Helix Saavedra? Nangunguna ang lalaki sa Dean's List at balita niya ay probable *summa cum laude* ng department nito.

Malaki ang university, maraming estudyante kaya minsanan lang kung magtagpo ang miyembro ng mga departamento, tuwing foundation at intramurals lang. Noong nakaraang buwan ay nakita nga niya

itong si Helix Saavedra, as in Helix not Felix.

*Nakalinya siya sa sosyal na canteen ng school. Tatlo kasi ang canteen nila; may turo-turo, may middle-class na affordable ang menu, at may isang canteen na de-aircon.*

*“Miss, wala talaga akong maliit, eh, itong one thousand lang...”* aniya sa nakakunot nang cashier.

*“Miss, ikaw kasi ang unang customer namin, kabubukas lang kasi. ”Tapos cup noodle at Sprite lang ang order mo!”* Parang may loudspeaker na litanya ng kahera, nagreklamo pa na maliit ang order niya.

*Ano ba naman ’tong canteen na ’to? Akala ko sosyal, wala naman palang panukli!*

*“Miss, akin na, may tig-two hundred ako, para mabilis tayo,”* a full cool voice hovered over her hearing senses.

*Napalingon siya at natunghayan ang isang pamilyar na mukha. He smiled at her at inabot ang dulo ng pera niya. May kinuha ito sa wallet at ipinatong ang limang tig-two hundred sa nakalahad niyang palad.*

*“T-thanks...”* Ngumiti siya rito pagkatapos ay ibinayad na ang isang two hundred sa maasim pa ring

*Bridge To Your Heart - Autumn Castillo*

---

*mukha ng cashier. Maliit na kaway ang pinakawalan niya para sa lalaki, senyales na mauuna na siya. Isang tango lang ang iginanti nito.*

*Nagulat siya nang lumanding din ang food tray nito sa inokupa niyang lamesa.*

*“Mind if I join you? Mag-isa lang kasi ako ngayon sa merienda,” pagpapaalam nito.*

*“Ah, yup, no problema,” aniyang inayos ang kalat sa ibabaw ng lamesa.*

*Inilahad nito ang kamay, senyales na gusto nitong makipag-handshake.*

*“Nice to meet you nga pala. I’m Helix, Helix Saavedra,” saad nito.*

*Inabot niya ang kamay na iyon, at nang maglapat ang mga balat nila, a warm inexplicable feeling crept over her.*

*“Helix as in the DNA?” nakangiting sabi niya. “I’m Carnation, Carnation Adoracion.” Nagdalawang-isip pa siya kung ibubulgar ang apelyido.*

*“Carnation as in the pink crayola?” Ngumiti rin ito, tinutukoy ang color na carnation. “Well, tama ka, DNA talaga ang unang pumapasok sa isip ng iba kapag naririnig ang pangalan ko. Lalo na at nasa Science ang*

department ko. Kung ipinangalan daw ba ako sa DNA model o hugis nito na double-helix, which is quite true. Genetics researcher kasi si Papa.”

Napa-‘ah’ siya sa tinuran ng kaharap.

“Ang Carnation mo, saan galing? Sa crayon?”

“Hindi ko alam, eh. Puwedeng crayon, pero hindi ba puwedeng bulaklak muna?” bargain niya. Hindi niya lubos maisip kung bakit magkaharap silang nagmemerienda ngayon ng weird na lalaking ito. To be fair, pretty boy ito, may hitsura kahit naka-glasses at alam mong kinakain talaga nito ang libro. May pagkapatpatin ang binata, parang kulang sa exercise. Imposibleng kulang ito sa kain batay sa in-order nito. At gaano man nito i-portray na kalmado ito, napaghahalata pa rin na kulang ito sa kumpiyansa.

Palihim silang pinagtitinginan ng dumaraang estudyante, kaybilis tuloy niyang naubos ang paborito niyang cup noodles.

“Sige, Helix ha...” Napatayo na siya. “May klase pa ko. Congrats nga pala, baka maging summa ka, nice meeting you,” sabi niya.

“Teka!” Pumiyok ang boses nito, nawala sa tono. “Crayon, este, Carnation, di ba best friend mo ‘yung maganda sa Business Department,” out of the blue

*nitong tanong.*

*“Ha?” Napakunot-noo siya. “You mean si Colette? Colette Fuentabella? Oo, bakit?” usisa niya.*

*“Ha?” Napamaang ito, napakamot sa ulo. “Ah, wala! Sige, una ka na, nice meeting you.” Ngumiti ito at kinawayan siya.*

*“O, sige, bahala ka,” she aired and walked away in a state of confusion.*

Isang buwan pa bago niya muling naalala ang maiksing eksenang iyon.

Could it be that Helix liked Colette, too? Mukha kasi itong torpe, kaya medyo nagtataka rin siya kung bakit nagustuhan ni Colette ang gaya nito. Sa pagkakaalam niya, iba ang taste nito sa lalaki iyong tipong bad boy at experienced sa pakikipagrelasyon, iyong tipong kapag sinindihan ang ulo ay sasabog dahil puno na ng helium gas. Iyong tipong isang oras mag-ayos ng buhok sa salamin. Lastly, iyong tipong manyakis.

Pero si Helix, base sa kaunti niyang pagkakilala rito ay malayung-malayo sa classification ng ‘likes’ ng best friend niya. Si Helix ay napapabilang sa nerd species. Hindi nga niya lubos mapaniwalaan na nagba-bar pala ang lalaki, gaya ng sabi ni Colette na

nakita ito roon at isinayaw pa ito at iniwan sa gitna ng dance floor!

Maybe, looks could really be deceiving. Baka nga sa likod ng painosente nitong dating ay may nagtatagong wild side.

Anyway, problema na iyon ni Helix. May misyon siya bago tuluyang ibigay ang letter ni Colette, at iyon ay alamin kung may gusto ba ang lalaki sa kaibigan niya kahit kaunti lang.

Alam niya kung saan mahahagilap ang lalaki, kung saan niya ito palaging nakikita kung napapagtripan niyang bumisita roon, at ang dahilan kung bakit hindi ito nakikita ni Colette. Dahil nagbababad ang lalaki sa library.

---

Kunwari ay kumuha siya ng tatlong libro, dinala ang mga iyon at hinagilap ng mata si Helix. Naroon ito sa pinakagilid, nakabuka ang mata sa isang makapal na libro Nakakadama na siya ng hiya, pero kiyeme niya, bakit ba siya mahihiya rito? Pakialam nito kung mag-fi-feeling close siya ngayon?

Ipinatong niya ang mga libro sa harap nito na ikinagitla nito.

“Hi, Crayon!” gulat ngunit nakangiti nitong sabi.

“DNA,” simple niyang bati.

Tinanaw niya ang nakabukas na pahina ng libro nito, may diagram ng nervous system doon. “Magpo-proceed ka ng Med?” tanong niya.

Nagkibit-balikat ang lalaki. “Siguro. Kung hindi ako magdo-doktor, wala na akong maisip pang gusto kong gawin.”

“Wow,” she breathed. “Ang hirap n’un. Anyway, sisiw lang ’yan sa ’yo. Mag-isa ka lang ba talaga palagi?”

Napangisi ito at napailing. “Hindi naman, may barkada ako, pero iniwan nila ako pag ganitong oras. Schedule ko ngayon for extra study time, at mas nakakapag-aral ako kung ako lang mag-isa,” anito.

“Ha? Naku nanay ko! Naistorbo ’ata kita, teka lilipat ako—”

Natawa ito sa kanya. “Huwag na, okay lang. Ikaw, bakit mag-isa ka lang? Wala kang barkada o boyfriend?” tanong nito.

“Ah, eh... tulad mo kasi, may study time din ako,” malaking pagsisinungaling niya. “Kaya heto.” Itinuro niya ang libro, nag-iisip kung paano isisingit



si Colette sa usapan.

Nangiti ito. “Med Tech ka pala, mahirap rin ’yan, ha,” anito.

Mas tinitigan niya itong mabuti.

Saavedra ang apelyido, check. Nunal malapit sa mata, check. Matangkad, check. Guwapo, check na nga rin. May pagkasingkit na mga mata. Teka, hindi yata. May singkit pero kaunting-kaunti lang, bilugan ang mga iyon. Moreno at hindi ito mestizo, makinis. Teka, perfect na lahat bukod na lang sa dalawang features. Wala naman siguro itong kakambal? Kung meron man, dapat alam niya.

Therefore, she concluded, madilim ang bar, kaya sinadya nitong paliitin ang mga mata.

Mukhang napansin nito ang ginagawa niyang pagtitig at napaubo ito sa ginawa niya.

“May nightlife ka rin? Pumupunta ka sa... kunwari, sa bar?” paninigurado niya.

“Minsan pumunta ako. Isinama ako ng pinsan ko at ng barkada niya. Alam mo, first time ko ’yun—”

“Kelan ’to?” Nagmumukha na talaga siyang tanga sa ginagawa niya, buti na lang inosente itong si Helix. Pero alam niyang komportable ito sa kanya.

Siya rin komportable rito na para bang matagal na silang magkaibigan.

“Nakaraang linggo ’ata ’yun. Nakita ko nga ’yung best friend mo n’ung gabi na ’yun.”

“Ah, talaga?” Ngumiti siya.

*Confirmed.* Ito na nga ang kinababaliwan ni Colette, ang pagbibigyan nito ng sulat.

“Oo, si Colette, nakiki-party minsan ’yun. Tanong ko, matagal mo na bang kilala ang best friend ko?”

Parang nabigla ito sa tanong niya, klarong-klaro ang pamumula nito. “Ha? Hindi naman. Di ba sumali iyon sa pageant last year? Nakapanood kasi ako. Ang ganda-ganda niya; masaya nga akong friends tayo, at best friend mo siya.” Sumungaw ang isang malaking ngiti sa labi nito.

*Oo, para may bridge ka na kay Colette, este kayo, bridge n’yo ’ko!*

Nakadama siya ng kaunting panlulumo. Kaya ba feeling close din ito sa kanya, dahil best friend niya si Colette?

“Teka, may tanong lang ako, sagutin mo nang totoo. May gusto ka ba kay Colette?” derechahan niyang tanong, parang Boy Abunda lang ang effect,

kulang na lang ng magic mirror.

“Ha?” Tigagal ito pagkatapos.

Binigla kasi niya. “Uy! Sagutin mo na, sige na,” pilit niya. “Hindi ko naman isusumbong sa kanya na may crush ka, peksman!”

“Alam kong isusumbong mo,” anito.

“Hindi nga, sige na!” pandidilat niya. Tiningnan niya ang relos, mag-a alas cinco na ng hapon, uuwi pa siya at magluluto.

*Nagpapakipot pa itong lalaking ito, eh, klarong-klarong may pagtingin naman sa best friend ko!*

“O, sige na nga, bahala ka kung isusumbong mo. Ga-graduate na rin lang din tayo, kaya aaminin ko na. Alam mo, torpe kasi ako, kaya imposibleng masabi ko sa kanya.” Inayos nito ang glasses nito. “Yup, napansin ko na talaga ang best friend mo first year pa lang tayo. Gusto ko na siya noon pa...” Pulang-pula na ito ngayon.

*Okay, mission complete!*

May isa na lang talaga siyang dapat gawin, at iyon ay ang iitsa rito ang letter ni Colette. Bahala na ang dalawa sa love story nila.

*Bridge To Your Heart - Autumn Castillo*

---

Napatikhim siya. “Helix, kung alam mo lang, ikaw na ang matagal na hinahanap ni Colette,” seryoso niyang tugon, slow-mo na iginiya ang tingin nito sa hawak niyang envelope sa hangin.

Ipinatong niya ang baby blue envelope sa nakabuka nitong libro. “Basahin mo ’yan, ’tapos bahala ka na. Babush!” nakangiti niyang kaway.

# 3

“Nag-sorry na ako sa ’yo, Helix, alam mo ’yun, at nag-guilty rin naman ako, kaya sorry na talaga,” alangang saad ni Carrie.

Kasalukuyan pa rin silang nasa canteen ng hospital.

Helix grunted in discontent. “Your sorry is just a hollow, empty word, Crayon. At dahil nakita kita at nanariwa sa alaala ko ang nangyari, maybe it’d be apt if I make you pay this time around,” he breathed.

“Pay you? How? You alone can heal your wrecked self-dignity, Helix!” Naitaas niya ang boses, dahilan para pagtinginan sila ng mga tao.

“Shh,” saway ng lalaking kaharap, who, after six years have changed dramatically.

Ramdam na ni Carrie ang lakas ng personalidad nito. He had this air of confidence that was not there when she first knew him. And the touch of darkness in him today only managed to intrigue and frighten her at the same time.

At kung aaminin niyang may hitsura na ito noong

kolehiyo sila, tumriple pa iyon ngayon. Markang-marka na nag-gy-gym ito, may laman na talaga ito ngayon. He retained his glasses, pero mas manipis na, and it added to his mysterious flair. It made him appear formidable, forceful.

“Hindi naman kita inaaway, Crayon. Why don’t we be friends, katulad noon?” Sumungaw ang ngiti sa labi nito. “Only this time, mas ipapakilala ko sa ’yo ang Helix—ang Helix na inakala mong Felix—”

“Stop it!” putol niya. “Helix, I’m shocked right now, okay? At inaamin ko, it’s my fault so I’m sorry.” Hindi na niya mapigil ang namumuong luha sa mga mata. “I’m sorry...”

“If you’re really sorry, Crayon, then you have to do something for me.”

“Ano’ng gagawin ko, Helix?” lito niyang tanong.

“Make Colette fall in love with me,” simple nitong pahayag.

---

*Graduation day...*

*Malapit na ang oras at tuluyan na silang magtatapos. Kinawayan niya ang masaya niyang mga magulang bago tinakbo ang pinakamalapit na comfort*

room para ayusin ang toga.

Lumabas siya at lumaban ng ipitan sa magulong kumpol ng mga estudyante. Nagulat siya nang biglaang hablutin ng isang mainit na kamay ang palad niya.

“H-Helix?” gulat niyang sabi.

“Sa rooftop tayo. Sandali lang, may thirty minutes pa,” anas nito at iginiya siya patakbo sa destinasyon.

Hingal nilang inabot ang rooftop. Masaya siya nitong niyakap na ikinabigla niya.

“Crayon!” Iyon na ang naging palayaw nito sa kanya. Simula nang matanggap nito ang sulat ni Colette, tila hanggang ngayon ay hindi pa rin ito makapaniwala. At sobrang saya nito, siya ang iniimbyerna nito katatanong kung ano ang dapat gawin, kasi nga torpe raw talaga ito. Lagi rin itong nag-uusisa tungkol kay Colette.

Hanggang umabot na nga ang graduation nila ay hindi pa ito nagpapakita kay Colette.

“Ga-graduate na tayo, and this day would be very special.”

“Yeah, special. Halika na, hinahanap na tayo,” reklamo niya.

*“No, teka, may sasabihin at ipaparinig ako sa ’yo. Di ba mag-i-speech ako mamaya sa ceremony?”*

*“Oo, siyempre, summa cum laude ka, congrats!” nakangiti niyang bati. Naging kaibigan na rin talaga niya ito, kahit nga siguro ang tingin sa kanya nito ay isang hamak na bridge lang. Noong final exams, ito ang naging dakila niyang tutor.*

*“I’ll do it, Crayon, sasabihin kong mahal ko rin siya, tulad ng nadarama niya sa ’kin. Sasabihin kong na-love at first sight rin ako sa kanya, in front of the whole faculty and students. I’ll say it all, hindi na ako magiging torpe. What can you say, will she like it?” Ang laki ng ngiti nito.*

*“What?” hintakot niyang tili. “Helix, you’ll do that?”*

*“Bakit? Isn’t that sweet and courageous? ’Tsaka, wala naman akong dapat ikatakot, siya ang unang nagpadala ng love letter. Isn’t that sweet, too? At sinabi mo na rin di ba sa kanya na naghihintay lang ako ng tiyempong magpakita ulit? I’m afraid...”*

*Sasaksakin ko talaga ang dalawang ito sa kakornihan!*

*“Helix...” May kung anong panlulumo siyang nadama sa sinabi nito, ewan ba niya. “Are you sure?”*



*“Yes, I’ll ask her to be my girl, too, this very day,” buong kumpiyansa nitong pahayag. “Hindi mo pa sinasagot ang tanong ko, magugustuhan kaya niya ito? Does she like surprises?”*

*“Ha?” Napakamot siya ng batok. “Napakalaking surprise kasi niyan, isisingit mo pa siya sa speech mo. Colette is a girl, too, at pag gusto ng girl ang lalaki, siguro sweet para sa ’yo lahat, Helix.”*

*“Wow!” Helix laughed. “Big words coming from you, Crayon. I trust you.” Hinagilap ng lalaki ang kamay niya at pinisil iyon. “Halika na, mag-i-start na ’ata. Huwag kang pahalata kay Colette, ha?”*

*Ewan ba niya, pero nakaramdam siya ng kaba para rito.*

*Nang tawagin na ang pangalan ng isa-isa sa kanila, masaya silang nagpalakpakan. Nang makuha na niya ang nakarolyong papel, niyakap siya ni Colette pagkababa.*

*Umiiyak ito na ikinabigla niya, naiyak na rin siya.*

*“Bobita ka talaga,” pahayag lamang nito.*

*“Say yes to him, Colette,” pahayag din niya. Napakunot ito. “He likes you, too,” dagdag pa niya. “Helix likes you...”*

“Felix, tange, hindi Helix. Felix Saavedra ang pangalan niya. Nakabangga ko siya kanina, ano ka ba? Akala ko ba na-meet mo siya, di ba binigay mo na ang letter ko? Namansin na siya sa ’kin kanina, he said ‘Hi’. My golly! Nahihiya talaga ako! Ano’ng nagawa ko, Carrie?” Kulang na lang ay pumalahaw ito. Naupo na sila sa kanya-kanyang puwesto nang tawagin na ang huling set ng estudyante sa BS Biology.

Napakunot-noo na tinitigan lamang ni Carrie ang nakangiti pa ring si Colette.

Nang tawagin ang isang Felix Saavedra, napaawang ang bibig niya. Magkawangis ito at si Helix. Hindi kambal, ngunit kung tatantiyahin ay hindi maitatanggi na magkamag-anak ang dalawa. Lamang, sakto kay Felix ang lahat ng mga katangiang inisa-isa ni Colette sa kanya noon. Perpektong moreno ang lalaki at may kasingkitan.

Minsan, may binanggit si Helix sa kanya, may pinsan daw ito na kapareho nito ng kurso. Ngunit bulakbol daw at laging nagka-cutting classes, buti na lang daw at pinalalampas.

Tiningnan niya si Colette na kasalukuyang itinuturo sa kanya si Felix. Napatango-tango siya.

Parang mawawalan na siya ng ulirat.

*How could this be possible? tili ng isip niya.*

*There had to be some mistake here, and it's definitely not on her side! Nang ipakita niya ang picture minsan ni Helix na kuha niya sa cellphone ay kinumpirma ni Colette na ito nga ang lalaking tinutukoy nito. Pero totoo rin na malaki talaga ang pagkakahawig ng dalawang binata.*

*How could she be so stupid? Bakit hindi niya alam na may nag-e-exist din palang isang Felix Saavedra?*

*Was it the same with Colette, who didn't know that a certain Helix Saavedra also existed?*

*Si Felix ang nakasayaw ni Colette, nagkataong nandoon din sa bar noon si Helix, na hindi rin napansin ni Colette. At siya namang tanga na pinaikot ng mga kaganapan, ay nagawang paniwalaang ang tinutukoy ni Colette ay si Helix sa kabila ng mga inconsistencies na alam na niya.*

*At sa katangahan niya naibigay pa niya kay Helix ang sulat ni Colette na para kay Felix!*

*Si Helix. Oo nga pala, si Helix. Ang torpeng si Helix.*

*She should be stopping Helix!*

*"Tinawag na 'yung genius, o," sambit ng katabi*

*niyang kakurso.*

*Helix was on the stage, masayang idinako nito ang tingin sa kanya at pagdaka'y inilipat kay Colette.*

*“No!” sigaw niya sa upuan na ikinalingon ng mga katabi. Nakatayo pa talaga siya. Nakita niya ang pag-asim ng mukha ng mga nakakitang deans at professors na nasa stage. Napaupo siya ulit.*

*“What’s wrong, Carnation?” litong tanong ng mga katabi niya.*

*“I need to stop his speech!” sabi niya, seryosong-seryoso.*

*“Carrie, huwag ka ngang joker!” Natawa ang mga katabi niya.*

*No, this is not working, a miracle should happen! Kailangan kong makapunta malapit sa podium!*

*Ang problema, sa pinakalikod nakapuwesto ang department nila. Ilang beses niyang tinawagan ang cellphone ni Helix. Of course, walang sasagot niyon, nasa harap na ito, sinisimulan na ang speech sa harap ng may halos lagpas isang libong mga estudyante, magulang at faculty and staff ng kanilang unibersidad.*

*Ilang beses niyang ikinaway-kaway ang kamay niya, umaasang titingnan siyang muli ni Helix, ngunit*

*nakapinid lamang ang tingin nito sa nag-iisang tao sa mundo ngayon para rito, kay Colette.*

*“Mag C-CR ako, naiihi ako,” anas niya.*

*“May guard sa likod. Hindi puwede, walang aalis o gagalaw, di ba? Hoy, Carrie, ano ba’ng nangyayari sa ’yo, para kang matatae,” mahinang tukso ng katabi niya, kanina pa ramdam ang pagkabalisa niya.*

*“Basta! Basta maniwala ka, kelangan ko talagang pigilan ang Helix na ’yan,” pagsusumamo niya.*

*Isang pigil na halakhak ulit ang pinakawalan ng kanyang mga katabi.*

*Hindi na niya naintindihan pa ang speech ni Helix, parang may earplugs siyang suot at muffled lahat ng naririnig niya. Pinilit niyang tumayo ulit, ngunit naunahan na siya ng hiya at takot.*

*Naituon tuloy niya ang inis sa pangyayari sa inosenteng si Helix.*

*He’s foolish! He shouldn’t be doing crazy things!*

*Wala na siyang nagawa nang lumabas na sa bibig ni Helix ang confession of love nito kay Colette, na ikinalaki ng mga mata ng kaibigan at ikina ‘wooo’ at ‘hay’ at ‘uyy’ at iba-iba pang prolonged sounds ng mga taong nakarinig.*

*Bridge To Your Heart - Autumn Castillo*

---

*There stood on that stage, the summa cum laude, confessing his love for a girl. Nakangiti nitong iwinagayway ang baby blue envelope na may teddy bear designs sa hangin, kitang-kita ng lahat ng tao.*

*“Colette Fuentabella, I like you, too. Would you be my girl?” Malapad ang ngiti ni Helix. Nagpalakpakan lahat ng tao at napasipol. Napabuga ang lalaki sa hangin, kumukuha ng lakas.*

*Sandaling dumapo ang tingin ni Helix sa kanya. He mouthed a ‘thank you’ in her direction. Walang tunog iyon, but it broke Carrie’s heart.*

*Kasabay niyon ang pagtayo ni Colette sa kinauupuan nito. Wala sa sariling tinakbo nito ang podium, iniurong kaunti ang microphone na nakatapat kay Helix. Napasipol ulit ang karamihan, ang akala ay sasagutin nito ang binata, kaya ikinagimbal ng lahat ang sumunod nitong sinabi.*

*“Excuse me, Helix ha,” kunot-noo nitong sabi. “Teka lang, ha, at hindi ikaw ang crush ko. At ang letter...” Hinablot ni Colette ang hawak na envelope ng lalaki na ikinawala ng dugo ng lahat. “Hindi para sa ’yo ’to! Para ’to kay Felix, Felix Saavedra. Tumapat ito sa microphone. “Calling Felix Saavedra, ikaw ang crush ko!”*

*Bridge To Your Heart - Autumn Castillo*

---

*Akala ni Carrie ay doon na matatapos ang eskandalong nangyayari, ngunit may idinugtong si Colette.*

*“At Carnation Adoracion, bobita ka talaga! Mali ang pinagbigyan mo ng letter!” gigil nitong pahayag sa buong unibersidad.*

*Tuluyan nang nawalan ng ulirat si Carrie.*

---

*How dare that girl live a normal life after what she’s done to me? tiim-bagang na isip ni Helix, dala pa rin ang muling pagkikita nila ni Carrie.*

Kung alam niya lang na narito ang babae, di sana ay sa ibang hospital na lang niya piniling mag-  
undergo ng post-graduate internship.

But it was too late. He had seen her, at napuno na muli ng di mabaybay na inis at poot ang puso niya.

The bitterness he thought was gone, was alive again.

Matapos ang eksena sa stage, tahimik lang siya, ni hindi siya um-attend sa sarili niyang graduation party. Inunawa na lang siya ng mommy niya. Pati ang pasaway niyang pinsan na si Felix ay parang naawa rin at tinapik siya matapos ang graduation. He was

so ashamed and he felt betrayed, when in fact, that day was supposed to make him feel like a winner.

In the end, he was a laughingstock, a great loser.

Dalawang buwan din siyang hindi lumabas ng bahay noon. He didn't dare contact anyone, not even his friends.

Ang plano niyang pagderecho sa med school ay sandaling naantala. He had to go through stress debriefing therapy sessions for a year. Nagkaroon daw siya ng depression, ayon sa isang psychiatrist. Pagkatapos niyon, nakapag-take na siya ng *National Medical Admission Test* o *NMAT*, isang required examination upang makapasok sa alinmang medical school sa Pilipinas.

For the next four years, pinasasa niya ang sarili sa pag-aaral at pagpapabuti sa kabuuan ng pagkatao. He enhanced not only his mind but his physical being as well.

Matapos makuha ang diploma, he decided to complete his twelve-month postgraduate internship sa *St. Patrick's Medical Hospital*. After that, he would be eligible to take the Medical Licensure Exam at maaari na niyang piliing praktisin ang propesyon o mag-apply ng residency sa hospital na gustong



pasukan.

All the while, he was waiting for his perfect revenge, but his chance appeared to arrive earlier than expected.

*Colette should fall in love with me, that is the only way to recover my wrecked self-worth.*

As for Carnation, kailangan nitong gawing posible ang kondisyon niya, or else, ito ang makakatikim sa kanya.